

ROD ANTHONY A. ROBLES

Siya ay tubong Tigaon sa lalawigan ng Camarines Sur at kasalukuyang nakatira sa Lungsod ng Quezon. Sa kasalukuyan ay nagtatrabaho siya bilang isang HR Manager. Siya ay nagtapos ng kursong BA Development Studies at MA of Industrial Relations sa Unibersidad ng Pilipinas. Napabilang siya sa Palihang Rogelio Sicat 12 (tula) at LIRA, taong 2019. Siya ay sumusulat ng mga tula at mga tulang pambata.

TAMBALUSLOS¹

Natatakluban pirmi an banwaan
nin panganoron na pinangidam
sa kinaban nin kamunduan;
kun saen an dalan ay patukad
sa naghuhukragong na bolkan.
Aram niya ang parong nin gabos,
kumos asin nagkalay-kalay na gadan
na bulan an saiyang pirming dara-dara.
Ang saiyang esperma ay kadikloman.

Ngonyan na halaba ang silensio nin banggi
arog kan hinghing kan pola
maglalaog siya sa likod kan natad
asin luway-luway na maduman
sa pinto kan saindang harong
asin manghahabon nin natatadang mga hinangos.
Pigwarak na ngani kan mga kino
ang dagang saindang iniistaran
duman sa daghan kan burat na bolkan
kukutkuton pa niya an ultimong
balisungsong kan mga gutom na parahagot.

¹ Sa Kabikulan, ang **tambaluslos** o tambaloslos ay isang halimaw na may malaking bibig at lawlaw na ari. Upang makatakas dito, may ibang bersiyon na nagsasabi na kailangan maghubad ng damit ang babae upang ang sa gayon ay tumigas ang ari ng halimaw at matakpan ang kaniyang paningin. Nang sa gayon paraan ay makakatakas ang babae papalayo sa halimaw.

“Dangonga baya an samong pangadyi!”
an oru’aldaw na ngaringi kan
mga aki sa saindang ina.
Alagad mahibi na lamang an gabos
sa hampang kan dagat na Pasipiko,
sa matabang na laad kan mga bituon,
hanggang magsirip an saldang—
tibaad sa arog kaini magrayo
sa huring pagkakataon an tambaluslos.

Alagad padagos
sindang maghuhuba nin bado
buro-banggi asin suluton pabaliktad
naglalaom na baka sa sarong aldaw,
semana, kinsina, bulan, o maaabot na mga taon
mahihiling na ninda an malaad na dalan
paduman sa mayong kasagkuran na kamurawayan.
Asin dangan mauutob an saindang pamibi
na haloy na panahong nagkukulambitay.

TAMBALUSLOS

salin sa Filipino

*Nalililiman parati ang bayan
ng kaulapan na pinaglihi
sa mundo ng lumbay;
kung saan ang landas ay paakyat
sa humihilik na bulkan.
Batid niya ang amoy ng bawat isa,
Gusot at nakabitin na walang buhay
na buwan ang kaniyang tangan-tangan.
Ang kaniyang kandila ay kadiliman.*

*Ngayong mahaba ang kapayapaan ng gabi
tulad ng bulong ng isang pipi
ay papasok siya sa likod ng bakuran
at hinay-hinay na tutungo
sa pinto ng kanilang bahay
at magnanakaw ng natitirang mga paghinga.
Pinewerwisyo na nga ng mga daga
ang lupang kanilang tiniririkan
doon sa dibdib ng lasing na bulkan
kaniya pang kukutkutin
ang balisungsong ng mga gutom na parahagot².*

*“Pakinggan niyo nawa ang aming panalangin!”
ang araw araw na panaghoy*

²Ang parahagot ay mga magsasaka ng abaka.

*ng mga anak sa kanilang ina.
At magtatangis na lamang ang lahat
sa harap ng dagat ng Pasipiko,
sa matabang na liwanag ng mga tala,
hanggang sa wakas ay sumilip ang araw—
Baka sa ganitong paraan ay lumayo
sa huling pagkakataon ang tambaluslos.*

*Ngunit patuloy
silang maghuhubad ng damit
bawat pagsapit ng gabi at susuutin ito pabaliktad
Umaasa na baka sa isang araw,
linggo, bawat kinsenas, buwan, o sa darating na mgataon
makikita na nila ang maliwanag na landas
papunta sa walang hanggang kaluwalhatian.
At sa wakas ay matutupad ang kanilang dalangin
na matagal ng panahong umugoy-ugoy at nakasabit.*